Mga Mahahalagang Impormasyon sa
MERS-CoV
(Middle East Respiratory Syndrome- Corona Virus)

1.) Ano ang MERS-CoV?

- Isang sakit sa baga na ang sanhi ay ang corona virus na ang tawag ay "Middle East Respiratory Syndrome Coronavirus" (MERSCoV)
- Ang unang kaso ay naitala sa Saudi Arabia noong Abril 2012
- Kaiba ito sa virus na sanhi ng Severe Acute Respiratory Syndrome (SARS)
- Ayon sa pag-aaral, iniuugnay ang MERSCoV sa kamelyo at paniki.

2.) Anu-ano ang mga sintomas ng MERS-CoV?

- Lagnat
- Ubo
- Hirap sa paghinga
- Pagtatae
- Kung mababa ang resistensya, maaaring magpakita ng iba pang kakaibang sintomas tulad ng sakit sa bato
- May mga positibong kaso din NG MERS-CoV na hindi nakitaan ng mga sintomas.

3.) Naisasalin ba ang MERS-CoV sa ibang tao mula sa taong apektado nito?

- Oo, sa mga taong nagkaroon ng "close contact" sa positibong pasyente tulad ng mga health workers, kamag-anak at iba pa.
- Ipinapayo na palaging isaalang-alang lalo na ng mga health workers ang paggamit ng mga kaukulang proteksyon sa pag-aalaga sa pasyenteng may MERSCoV.

4.) Paano ito maiiwasan?

- Madalas na maghugas ng kamay sa tamang paraan:
  - Basain ang mga kamay at sabunin ito
  - Kuskusin ang mga kamay; palad sa palad, pagitan ng mga daliri at likod ng kamay
  - Halinhinang kuskusin din ang mga daliri ng bawat kamay
  - Banlawan ng malinis na tubig

- Takpan ang ilong at bibig sa pagbahing at pag-ubo gamit ang panyo o tissue at ilagay ang gamit na tissue sa basurahan

- Palakasin ang resistensya:

  - Matulog ng hanggang 8 oras
  - Uminon ng maraming tubig
  - Mag-ehersisyo
  - Kumain ng masustansyang pagkain

5.) Paano malalaman kung apektado ng sakit na ito ang isang tao?

- Sa pamamagitan ng laboratory test (polymerase chain reaction or PCR)
- Mayroon ito sa mga apektadong bansa maging sa Research Institute for Tropical Medicine sa Pilipinas

6.) May gamot o bakuna ba laban sa MERS-CoV?

- Walang pang gamot o bakuna laban sa MERS-CoV
- Kailangan komunsulta agad sa doktor para mabigyang lunas ang mga sintomas dulot ng virus na ito

7.) Ilang bansa na ang naitalang nagkakaso ng MERS-CoV?

- 12 bansa na ang naitalang nagkaroon ng kaso ng MERS-CoV sa tao
- Karamihan ng kaso ay nagmula sa Middle East

8.) May travel ban na ba sa mga bansang apektado ng MERS-CoV?

- Sa ngayon ay wala pang travel health warnings mula sa World Health Organization sa mga bansang apektado ng MERS-CoV kung kaya wala ring travel ban sa mga bansang ito.

9.) Ano ang dapat gawin ng mga taong naninirahan sa mga apektadong bansa o kaya ay galing sa mga bansang ito at nagkasakit?

- Kung may sintomas tulad ng ubo at hirap sa paghinga at nagkaroon ng close contact sa pasyente sa loob ng 14 na araw, agad na komunsulta sa doktor
- Kung bumyahe na at nakauwi na sa sariling bansa, agad na komunsulta sa doctor at sabihin kung saan bansa nanggaling